# PAGDIRIWANG NG IKA-120 ANIBERSARYO NG DEKLARASYON NG KASARINLAN NG PILIPINAS SA SHANGHAI

Ang Konsuladong Pangkalahatan ng Pilipinas sa Shanghai ay lubos na nagagalak na batiin ang lahat ng mga Pilipino sa Shanghai at sa mga probinsya ng Anhui, Hubei, Jiangsu, at Zhejiang ng isang masaya at makahulugang selebrasyon ng ika-120 Anibersaryo ng Deklarasyon ng Kasarinlan ng Pilipinas na may temang, "Pagbabagong Ipinaglaban, Alay sa Masaganang Kinabukasan."

Ang Konsulado, sa pakikipagtulungan ng Filipino Community sa Shanghai, ay ipagdiriwang ang mahalagang araw na ito sa ika-17 ng Hunyo 2018 sa 浦东新区新场镇古博路13-19号Oishi Factory, Xinchang Town, Pudong New Area, Shanghai, 13-19 Gubo Road mula 10 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. May mga nakahandang programa at mala-piyesta't makukulay na palabas katulad ng Santacruzan, mga parada't palaro, at mga tugtugan, papremyo, atbp. para sa lahat ng mga makikibahagi.

Sa pagdiriwang ding ito isasabay ang ating paggunita sa kagitingan at kadakilaan ng ating mga bayani na lumaban at nag-alay ng kanilang sarili upang makamit ang ating kasarinlan at minimithing pagbabago. Matutunghayan din sa araw na ito ang kwento ng simula at pag-usbong ng relasyon ng Pilipinas at China sa paglakad ng panahon, at ang mga taong nagsilbing haligi nito.

Kung may mga katanungan tungkol sa okasyon, huwag pong mag-atubiling kontakin ang Konsulado sa shanghai.pcg@dfa.gov.ph.

Maraming salamat at mabuhay ang bansang Pilipinas!